**Abstract**

Most of us lived inside a box during the pandemic, especially the poor and oppressed, trapped within a society led by an apathetic regime. The pandemic exposed our weak healthcare system, contrary to the claims of the government. It was not only the COVID-19 virus that has killed our fellow Filipinos but also a very rotten system that denied us of our basic human needs such as housing, access to health services, and a living wage.

**Keywords**

box, hospital, aid, inequality, death

**English title**

Box

# KAHON

MON KARLO L. MANGARAN

"HINDI NA KAYO kasya, 'wag n'yo nang ipilit at baka maaksidente tayo kapag nag-overloading," sabi ng pahinante habang padabog na isinasara ang bakal na harang ng likurang bahagi ng truck ng basura. Dali-dali siyang bumalik sa unahan ng sasakyan at mabilis na sumakay. Nag-atrasan ang mga stranded na pasahero na nabugahan ng maitim na usok mula sa tambutso ng papaalis na truck.

Napaupo na lang sa pagod si Rhod. Huminga siya nang malalim, ipinahid sa laylayan ng damit ang pawis sa noo, tumayo, at naglakad pabalik sa kaniyang asawang si Veronica na naiwan sa paanan ng C5 Bridge na nag-uugnay sa mga lungsod ng Pasig at Makati.

"Kaya mo pang maglakad?" Hinawakan ni Rhod ang kamay ng asawa at inalalayan para makatayo. Napapapikit sa kirot si Veronica habang dahan-dahang inuunat ang mga binti. Hindi pa tuluyang naghihilom ang sugat mula sa kaniyang cesarean operation kaya't ingat na ingat siya sa bawat pagkilos. Matipid na tumango si Veronica, iniabot ang itim na kahon kay Rhod, at mabagal nilang tinawid ang tulay.

Dapithapon pa lang noong nagsimula silang maglakad, at inabot na sila ng alas-siyete ng gabi na halos wala pa sa kalahati ng lalakarin pauwi. Tahimik ang lungsod, tumigil sa paghinga ng usok mula sa mga pabrika at mga sasakyang dumadaan, parang isang malawak na sementeryo at nagsisilbing mga nitso ang mga walang laman na gusali. Lockdown sa buong Luzon, at dahil karamihan sa mga industriya ay inutusang magsara ng pamahalaan, wala ring trabaho ang mga manggagawa at empleyadong karaniwang sakay ng mga jeep at bus patungo sa mga pabrika at opisina.

"Daan muna tayo sandali sa site," pagpapaalam ni Rhod sa asawa. Lumiko sila sa isang kalye patungo sa isang itinatayong condominium building. Madilim ang kalsada sa paligid ng condominium, at tanging ang nakasabit na bumbilya ang nagbibigay ng liwanag sa mesa na nagsisilbing guard station. Lumapit si Rhod sa gate na gawa sa yero, bahagyang binuksan ito, at sinilip ang guard na naka-duty.

"Magandang gabi, Tsip. May balita na ba kung kailan ang balik natin?" Dumungaw si Rhod sa maliit na pagkakabukas ng gate upang makita siya ng guard. Kinuha ng security guard ang flashlight at inilawan ang gate upang makita kung sino ang kumakausap sa kaniya.

"Mukhang matatagalan pa, Bok. Naiinip na nga ang mga piyon na galing probinsya, wala rin namang trabaho kapag umuwi sila kaya naghintay na lang dito. Ayaw na ring makipagsiksikan sa Rizal Stadium para magbakasali ng biyahe pauwi sa kanila."

Halos kakasimula pa lang magtrabaho ni Rhod sa construction site noong ipatigil ang lahat ng konstruksiyon sa gitna ng pandemya. Binata pa lang ay pagpipiyon na ang trabaho niya, at dahil hindi naman nakapagtapos ng high school ay alam niyang wala na rin siyang ibang mapapasukan. Dalawang linggo na rin mula noong pauwiin sila ng foreman, at ubos na ang huling sweldong ibinigay sa kaniya bago itigil ang konstruksiyon.

"Sana payagan na ulit kaming makapagtrabaho, Tsip. Basyo na kami ni Misis. Si Foreman ba nandiyan? Babale sana ko, ikaltas na lang niya sa sahod ko kapag nakabalik na kami." Inilibot ni Rhod ang mata niya sa loob ng site, nagbabakasakali na may kaibigan o kakilala siyang makita rito.

"Wala na si Foreman dito, Bok. Ilang linggo nang hindi dumadaan. Nakahanap na rin siguro ng ibang pagkakakitaan. 'Langya, kapag hindi ka talaga dumiskarte ngayon, gutom ang aabutin mo. Nagbibigayan na ng ayuda, ha. Wala pa ba kayong nakuhang SAP?"

"Wala pa nga, Tsip. Ang sabi sa amin ni Kapitan, maghintay lang daw kami ng tawag. 'Wag daw kaming mainip. Pwede ba naman 'yong maghintay lang kami, hindi naman nakakapaghintay ang gutom."

Naramdaman ni Rhod ang pagkalam ng sikmura. Hindi pa sila nakakain ng tanghalian dahil sa pagmamadaling makapunta ng ospital matapos makatanggap ng tawag mula sa nurse.

"Tsip, baka may tubig ka pala diyan at tinapay, pangtawid-gutom lang ni Misis, malayo-layo pa bago kami makauwi."

Inabot ng security guard ang nakataob na tasa sa mesa, kinanyawan, nilagyan ng tubig mula sa water jug, sabay kinuha ang nabawasan nang biskwit sa mesa. Iniabot niya ang mga ito kay Rhod sa maliit na pagkakabukas ng gate. Sinilip ng guard si Veronica na nakatayo sa madilim na bahagi sa gilid ng condominium, at saka napatingin sa itim na kahon na bitbit ni Rhod.

"Salamat, Tsip." Ibinigay ni Rhod ang tubig at tinapay kay Veronica at bumalik sa harap ng gate. "Parang mag-isa ka yata, nasaan 'yong mga naiwang piyon?" Pilit inabot ni Rhod ng tanaw ang bawat palapag ng condominium kahit pa madilim ang mga bahagi nito.

"Kanina pa wala rito, namalimos diyan sa labas. Nagdedelihensya ng pangkain nila. Nagpunta nga diyan sa barangay para magtanong ng ayuda, kaso hindi naman sila dito nakarehistro kaya walang nakuhang kahit ano."

"Ang hirap ngayon, halos lahat walang trabaho. Ospital at punerarya na lang yata ang malakas ang kita. Tsip, hindi ba nangamoy 'yong aso na inilibing namin diyan sa may gilid? Nakita na lang namin nina Dex na patay, baka raw na-Covid. Kinabahan nga kami noong una, baka mamaya na-tokhang 'yong nangangamoy, ang dilim pa naman diyan sa likod."

Hinawakan ni Veronica ang asawa sa braso. Napatingin si Rhod sa kaniya at agad na naintindihan ang nais nitong sabihin. Lumalalim na ang gabi, at tiyak na gusto na rin nitong makauwi at makapagpahinga. Kahit siya ay namamanhid na rin ang braso dahil ilang oras na rin niyang bitbit ang itim na kahon. Kinuha ni Rhod ang tasa kay Veronica at iniabot ito sa security guard.

"Paano, Tsip. Dadaan na lang ulit ako rito para makibalita kung kailan ulit kami magkakatrabaho."

"Baka matagalan pa, Bok, kapag hindi na siguro mahigpit." May dumating na piyon at pinagbuksan ng gate ng security guard. Sinundan

ng tingin ng dalawa ang mag-asawa habang papalayo sa construction site.

"Alam mo, mahal, ang taas ng condominium na yan kapag natapos na namin. Lagpas tatlumpung palapag, kitang-kita ang mga kalsada at building kapag nasa itaas ka. Plano ko nga sanang dalhin kayo ni Baby kapag natapos nang gawin, hindi lang ako sigurado kung papayagan tayong makapasok. Binibiro ko nga si Joey at Dex, sabi ko, sa condominium tayo maghahanda sa binyag ni Baby. Kuhanin ko daw silang ninong. Sabi ko pag-ipunan na nila ang pakimkim dahil espesyal ang magiging binyag ni Baby."

Hindi narinig ni Veronica ang kwento ng asawa. Napatigil siya sa paglalakad at nakuha ang atensiyon niya ng isang sanggol na umiiyak sa may parke na kinarga ng ina nito mula sa kinalalagyang crib. May iba pang mga magulang na nakatambay sa parke kasama ang kanilang mga anak, may nagjo-jogging, may mga naglalakad at namamasyal. Maingay ang parkeng binubusog ng mga kwentuhan at tawanan ng mga residente. Habang sila ay kanina pa naglalakad, ang mga nakatira sa mga condominium at subdivision ay nakakapunta kung saan nila gusto gamit ang kani-kanilang sasakyan. Tuloy ang buhay sa bahaging ito ng bansa, habang sa mga komunidad lalo na ng mga maralita ay isa-isang nilalagyan ng harang upang tiyaking hindi makalalabas ang mga mamamayan. Inalis ni Veronica ang tingin mula sa mga nasa parke papunta sa nagtataasang gusali at mapupusyaw na ilaw ng lungsod. Maulap ang langit at natatakpan ang buwan. Pamaya-maya ay umambon kaya't hinablot ni Veronica ang kahon mula sa kamay ni Rhod, at mahigpit na niyakap ito upang maprotektahan sakaling bumuhos ang ulan. Kahit na hirap sa paglakad ay binilisan ni Veronica ang paglalakad sa pag-aalalang mababasa ang bitbit nilang kahon.

Paglagpas sa mga nakahilerang condominium at subdivision ay napansin ni Rhod ang tarpaulin na may nakalagay na "GO30 2022" sa poste. Kahit matagal pa ang eleksiyon ay kaliwa't kanan nang nagsulputan ang mga trapal ng kandidato. Huminto sina Rhod sa harap ng nagtitinda sa may kanto at bumili ng sigarilyo at candy. Sinindihan ni Rhod ang sigarilyo, tumingin sa paligid at saka kinausap ang tindero.

"P're, pwede ko kayang kunin 'yang tarpaulin? Ibabalot ko lang sana dito sa kahon."

Napatingin ang tindero sa itim na kahon na hawak ni Rhod, tumingin sa mag-asawa, at saka nagpatuloy sa pag-aayos ng paninda.

"Baklasin mo na, p're. 'Yong mga nakatira diyan sa kalsada kinukuha rin ang mga 'yan, ginagawang sapin saka kumot. Mapakinabangan man lang daw nila, lalo na 'yong tarpaulin ng mga kilala nilang magnanakaw sa gobyerno."

Ginamit ni Rhod ang baga ng sigarilyo upang putulin ang plastic straw na ginamit na panali sa tarpaulin. May paparating na police mobile, at sa takot niyang masita ng pulis ay binilisan niya ang pagbaklas dito at agad ibinalot sa kahon.

Pagtapat sa tindahan ay tumigil ang police mobile. Tiningnan ng pulis ang mag-asawa at saka tumingin nang matagal sa kahong bitbit nila. Bumaba ang isang pulis at naglakad papunta sa kanila. Hindi makagalaw at natulala sa takot si Rhod habang unti-unting lumalapit ang pulis. Lumagpas ang pulis at dumiretso sa tindahan, bumili at nagsindi ng sigarilyo, saka naglakad pabalik sa sasakyan. Nakakilos lamang ang mag-asawa nang umusad ang police mobile, at nagpatuloy lang sa paglalakad nang malayo na ang mga pulis.

Sa tuwing may dumadaang sasakyan ay humihinto sila sa paglalakad at sinusubukang parahin ito para makisakay. Halos walang tumigil para tanungin kung saan sila papunta at kung may mga pagkakataon man na may humihinto ay umaalis din kapag nakikita ang bitbit ng mag-asawa na itim na kahon. Tila hangin lamang na dumaan ang mga sasakyan, at wala silang magawa kundi sundan ito ng tingin habang papalayo sa kanila.

Nangangawit na ang mga braso ni Rhod at may mga ilang pagkakataon na muntik na niyang mailaglag ang kahon. Kapag napapansin ni Veronica na nabibitawan na ni Rhod ang kahon ay tahimik nitong kukunin ito sa kamay ng asawa, yakap-yakap itong bibitbitin, at marahang maglalakad na parang idinuduyan at ipinaghehele ang kahon.

Mahigit dalawang oras ang inabot bago sila nakauwi. Nagpapatay-sindi ang ilaw na nagbibigay-liwanag sa apartment na kanilang tinitirhan. Kinuha ni Rhod ang susi sa suot na belt bag, dahan-dahang binuksan ang pinto ng bahay, saka inabot ang switch sa likod ng pinto upang buksan ang ilaw.

Sa Makati, apartment pa rin ang tawag kahit sa mga munting barong-barong na pinapaupahan sa mga maralitang komunidad sa gilid-gilid ng mga nagtataasang gusali nito. Tila kahon ang apartment nina Rhod na ang tanging daluyan ng hangin ay ang pinto at nag-iisang bintana nito. Kung tutuusin, isang napakalaking kahon din ang kabuuan ng lungsod,

at sa likod ng mga gusali nito, sa hindi halos natatanaw na mga bahagi, ikinukubli ng mga pader ang kahirapan. Habang malayang nakakagalaw ang mga nasa labas ng kahong ito, ang mga nasa loob ay parang mga bangkay na nasa loob ng kani-kanilang nitso sa panahon ng pandemya.

Pagpasok sa bahay ay dumiretso sa kwarto si Veronica, inilagay ang kahon sa kutson, at saka nahiga sa tabi nito. Kinuha ni Rhod ang mga baru-baruan na nakalatag sa kanilang higaan, tiniklop ang mga ito at inilagay sa aparador. Pinagmasdan niya ang asawa na mabilis na nakatulog na nakapatong ang kamay sa kahon, saka hinawi ang kurtinang harang ng kwarto, at nagpunta sa kusina upang uminom ng tubig.

Napatingin sa pinto si Rhod nang biglang may kumatok. Disoras na ng gabi, at wala naman siyang inaasahang bisita kaya't noong natiyak lamang niya na may tao nga sa labas ay saka lamang niya binuksan ang pinto. Bumungad sa kaniya sina Joey at Dex, kapwa construction worker na nakaibigan niya sa kanilang itinatayong condominium.

"Saan kayo galing, p're?" nagtatakang tanong ni Rhod sa mga dumating na bisita.

"Dumaan ka raw sa site kanina, p're. Doon din kami nakatira ngayon, nakaalis ka na nga lang pagdating namin. Dumiskarte lang kami ng tropa natin pambili ng ulam bukas," hinihingal na sagot ni Dex. Pinapasok ni Rhod ang mga kaibigan at nagpunta ng kusina para kumuha ng baso at pitsel na may tubig, at iniabot sa dalawa. Halos naubos ng dalawa ang tubig na laman ng pitsel sa sobrang uhaw mula sa paglalakad.

"Hinahanap mo raw p're si Foreman para bumale? Kinalimutan na yata kami, hindi na nagpapakita sa site. Kahapon may mga estudyanteng nagdala ng bigas, ipinagpaalam namin sa tropa kung pwede ka naming partehan. Pumayag naman sila kaya naisip namin ni Dex na ihatid na dito," paliwanag ni Joey.

"Salamat, p're. May kaunti naman akong hawak na pera, binigyan kami ng ospital ng pamasahe kanina para makauwi. Wala nga lang kaming masakyan kaya naglakad na lang kami ni misis."

"Nasa ospital pa nga pala 'yong inaanak namin. Kumusta 'yong baby n'yo, p're? Naka-incubator pa ba? Kailan daw pwedeng maiuwi?" pag-uusisa ni Dex. Bago nakasagot si Rhod ay nadinig nila ang pag-awit ni Veronica ng oyayi sa loob ng kwarto.

"O, nakauwi na pala si baby. Hindi mo man lang kami sinabihan, p're, para nakapagdala man lang sana kami kahit dalawang kwatro kantos nang makapag-celebrate tayo. 'Di bale, babawi na lang kami sa binyag.

Kailan ba ninyo pabibinyagan si baby para mapaghandaan na?" tanong ni Joey habang sinusundan ng tingin ang umuugoy na duyan.

Hindi sumagot si Rhod. Tumalikod siya at naglakad papunta sa kwarto. Sumunod ang magkaibigan na sabik na makita ang kanilang inaanak. Unang napansin nina Joey at Dex ang nakabukas na itim na kahon sa sahig, saka lamang napatingin sa munting katawan na nakalagay sa duyan, nangingitim ang labi at nangangasul ang balat. Tila payapa lamang na natutulog ang sanggol, tahimik na nakikinig sa hele ng kaniyang inang nakatingin sa kawalan.